Ang sinumang nagkaroon ng gawang kawalang-katarungan sa kapatid niya sa dangal nito o anuman, magtanggal siya nito sa ngayong araw bago hindi magkaroon ng isang dinar ni isang dirham

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagkaroon ng gawang kawalang-katarungan sa kapatid niya sa dangal nito o anuman, magtanggal siya nito sa ngayong araw bago hindi magkaroon ng isang dinar ni isang dirham. Kung nagkaroon siya ng isang maayos na gawa, kukunin ito mula sa kanya ayon sa sukat ng gawang kawalang-katarungan niya. Kung hindi siya nagkaroon ng mga magandang gawa, kukuha mula sa mga masagwang gawa ng naapi niya saka ipapapasan ito sa kanya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bawat sinumang may naganap mula sa kanya na isang kawalang-katarungan sa kapwa niyang Muslim sa dangal o ari-arian o buhay. na humiling siya sa sinumang nilabag niya sa katarungan na magpaumanhin ito sa kanya hanggat nasa Mundo pa bago dumating ang Araw ng Pagbangon kung kailan hindi magpapakinabang ang isang salaping ginto ni ang isang perang pilak, na maibabayad niya sa sinumang nilabag niya sa katarungan upang maipantubos niya sa sarili niya yayamang ang ganting-pinsala sa araw na iyon ay sa pamamagitan ng mga magandang gawa at mga masagwang gawa yayamang kukuha ang nilabag sa katarungan mula sa mga magandang gawa ng tagalabag ng katarungan ayon sa sukat ng gawang kawalang-katarungan niya na ginawa niya. Kung hindi nagkaroon ang tagalabag ng katarungan ng mga magandang gawa, maglalagay mula sa mga masagwang gawa ng nilabag sa katarungan sa tagalabag ng katarungan ayon sa sukat ng gawang kawalang-katarungan niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5438